# Magasin ng Bagong Buhay

Linggo, Hunyo 24, 1951



UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
LIBRARY
JUN 28 1951





LIFE -- SIMULA SA HUNYO 30

# *Masarap na Pagkain... Kasiyahan ng Mag-anak!*





*Cirio C. Reyes at mag-anak*
*Gagalangin, Maynila*

## "KE KA SPECIAL"

Recipe 192

- 2 tasang hiniwa-hiwang laman ng manok
- 1 tasang hiniwa-hiwang apulid
- 5 itlog ng pato
- 20 balat ng lumpia arina
- 1 tasang tinadtad na liempo
- ½ tasang tuyong kabute (Intsik)
- ¼ tasang hiniwang sibuyas
- ½ tasang hiniwang hamon asin, panimpla

Paghaluin ang manok, liempo, apulid, kabute, hamon, sibuyas at tatlong itlog ng pato. Sa natitirang 2 itlog, tubig at asin, isama ang arina at haluing mabuti. Ang unang mga pinaghalong sangkap ay balutin sa mga balat ng lumpia. Pagkatapos ay ilubog ang mga ito sa malapot na salsang pinaghalo sa itaas. Iprito sa masaganang Purico. Maidudulot sa 20.

Tinatayang halaga: ₱5.50
Panahon ng paghahanda: 30 minuto

*Galing kay Dra. Isabel P. Cruz-Reyes*
*1998 J. Juan, Gagalangin, Maynila*

Malalasap ninyo ang sarap at linamnam ng mga pinirito kung ang ginagamit ay Purico. Gaya ng mag-anak na Reyes... sila'y nadudulutan araw-araw ni Dra. Isabel P. Cruz-Reyes ng masasarap at kasiya-siyang mga pinirito, ginisa at hinurno sapagka't ang Purico ay pino at mainam humalo sa anumang lutuin! Kaya't ang pagkain sa kanila'y totoong kasabik-sabik!

Maglaan lagi ng isang karton ng Purico sa lahat ng oras para sa lahat ng pangangailangan sa kusina!

*Wika ni Purita:*
*"Ang Purico ay niyari sa dalubhasang paraan upang humalo ng mainam sa lahat ng inyong lutuin!"*






*Always Pure! Always Rich!*

Ipadala ang inyong lutuin kay Purita, c/o Dept. 5, P. O. Box 302, Maynila. Sa malalathalang lutuin ay pagkakalooban kayo ni Purita ng isang handog. Ang isang takip ng karton ng Purico ay maaari ninyong ipagpalit ng nalathala nang lutuin.

# Maluwalhating Pagbabalik Sa Tinubuang Lupa

PAGKALIPAS ng mahaba-haba rin namang panahong pagkakawalay sa mga minamahal sa buhay dahil sa pagtatanggol sa mga simulain ng demokrasya na kapiling ng mga kawal ng Nagkakaisang mga Bansa, ang bahagi ng 10th BCT na nakikipaglaban sa Korea ay nagbalik sa sariling bayan noong ika-16 ng kasalukuyang buwan na taglay ang karangalang buong pagbubunying isinusuob sa kanila ng madla... At ang kaligayahang nadama ng bawa't isa sa mga unang sandali ng muling pagtuntong nila sa lupang tinubuan at sa muling pagkamalas sa nagsisipaghintay na mga karugtong ng hininga ay hindi kayang ilarawan sa pamamagitan ng panitik, gaya ng pinatutunayan ng mga larawang kalakip nito...



Kabilang sa mga sumalubong sa mga dumating na "bayani ng digma" ang mga babaing tauhan ng Krus na Pula na masasayang nagsipagsabit sa mga kawal ng mga kuwintas ng sampagita.





"Naku, ang anak ko! .. Kay-taba at ang laki-laki na!" "Ang mga bunsong ito .. huwag kayong umiyak at kinukunan lang tayo ng larawan!" At ang mga tauhang iyan ng 10th ay halos walang malamang gawin sa pagyakap sa mga bunga ng kanilang pag-ibig, habang nasisiyahang nagmamasid ang kanilang mga minamahal na kapilas ng buhay..



"Nasaan kaya sila... ang Nanay... si Boy... si... A, hayun...!" At ang mga kawal na bumababa sa bapor na naghatid sa kanila buhat sa larangan ay halos magkandarapa sa pagtakbo!



"Ina ko, salamat sa Diyos at muli pa tayong nagkita...!" At mahigpit na yumapos ang kawal sa magulang na araw-gabi'y nananalangin sa muling pagbabalik ng lumisang bunso..





"Ah, sa wakas ay nagtagumpay din ang aking pag-ibig!"



"Sabihin mo sa amin ang buong katotohanan! Kung hindi'y..."




## "PRINSIPE AMANTE SA RUBITANYA"

*Buod ng kasaysayan:*

NANG BISPERAS ng kasal ni Prinsipe Amante kay Prinsesa Elena sa kaharian ng Sevilla, ay nakatanggap ang Prinsipe ng isang paanyaya buhat kay Prinsesa Darrah ng Rubitanya na nag-aanyayang lumahok siya sa isang malaking torneo. Sapagka't may nakapagbalita kay Prinsipe Amante na maaari niyang matagpuan sa Rubitanya ang kanyang nawawalang kapatid na lalaki, ay ipinagpaliban niya ang kanilang kasal at lumahok sa torneo. Kasama niya si Abad na isa niyang matalik na kaibigan. Ang sadyang nais makatagpo ng Prinsipe ay isang lalaking nagngangalang Utarzo na ayon kay Buroka ay siyang tanging nakatatalos ng kasaysayan ng angkan ng Prinsipe at siyang nakababatid ng lihim na pagkakakilanlan sa kapatid nito. Ang lihim, na natatago sa isang kahitang pelus, ay nasa pag-iingat ni Duke Jorda, isang talisuyo ni Prinsesa Darrah.

Sa paghihinala ni Prinsesa Elena na may masamang binabalak si Prinsesa Darrah, sumunod siya kay Prinsipe Amante. Naglakbay siyang nakabalat-kayo ng isang lalaki na kasama ang isang pinagtitiwalaang abay, si Arline...

Nang idaos ang malaking torneo sa kaharian ng Rubitanya ay si Prinsipe Amante ang nagtagumpay. Dahil doon ay lalong nagtumiim ang pag-ibig sa kanya ni Prinsesa Darrah at gumawa ito ng mga lalang upang makamtan ang puso ng Prinsipe. Samantala, upang mabatid ang iba pang mahahalagang bagay, ang nagbabalat-kayong si Prinsesa Elena ay nangibig kunwa kay Lini, ang pangunahing abay ni Prinsesa Darrah, na siyang nagbunyag ng lahat ng lihim ng kaharian at ng mga balak ng kanyang panginoon.

Nguni't ang pagbabalatkayo ni Elena ay natuklasan, at sa utos ni Darrah, siya'y ipiniit sa isang madilim na bilangguan

(*Buklatin sa pahina* 18)



"Mga paslang! Sa harap ko'y hindi ninyo maisasagawa ang masama ninyong hangad!"

# *Kapanapanabik na kagandahan, madali ninyong makakamtan!*

**Sa inyong unang pastilya ng Camay . . . kayo'y makatitiyak ng isang malambot, makinis na kutis!**



**"Kinusot ko ang aking mga mata, makalawa kong pinagmasdan. Oo, ang aking kutis-Camay ay pangarap na nagkatotoo!" ani Alicia Vergel**

*Sa Inyong Unang Pastilya Ng Camay*—kayo man ay hahanga at magtatakang malaman na ang kagandahan ay napakádáling matamo . . . sa pamamagitan ng lalong kaibig-ibig na kutis-Camay. Tuklasin sa inyong sarili. Gumamit ngayon ng kahanga-hangang pinabangong Camay. Sa lalong madaling panahon na hindi ninyo inaakala . . . kayo'y magiging higit na kaibig-ibig.




*Camay Pa Rin Sa Inyong Paliligo!* Maiibigan ninyo ang tumatagal na halimuyak ng Camay. Malaon na kayong nakapaligo, ay nananatili pa rin ang kasariwaang tulad ng bulaklak . . . mahinhing halimuyak na nakaaakit sa kalalakihan.



**ANG SABON NG KAGANDAHAN**

Kasuutan-kay Aurelia; Alahas-kay R. Rebullida, Inc. Si Alicia Vergel ay mapapanood sa "Bernardo Carpio" ng Sampaguita Pictures.

## Alam Ba Ninyo?



ANG HORSESHOES, KATULAD NG MGA LARO NG "QUIOT", AY GINAGANAP SA PAMAMAGITAN NG MGA METAL NA HUGIS BAKAL NG KABAYO. ITO'Y INIHAHAGIS SA ISANG "PEG" NA NASA LAYONG MGA 40 TALAMPAKAN, AT ANG NANANALO SA PALIGSAHAN AY ANG MAKAPAGPATUNOG SA "PEG" O ANG MAKAPAGHAGIS NG PINAKAMALAPIT DITO. ANG "HORSESHOE" AY MAY SUKAT NA 7½" HABA AT ANG BIGAT AY DI HIHIGIT SA 2½" LIBRA.



**"OKLAHOMA A & M" basketball type championship shoes**

Walang hangganan ang inyong pagkakataon sa pananalo sa isang laro kung ang suot ninyo ay isang pares ng sapatos na gomang JACINTO. Ang dalubhasang pagkakayari — na bantog na sa matagal na panahon — at ang paggamit ng mga pinakabagong makinarya sa paggawa ng sapatos na goma, ay siyang nananagot sa inyo sa isang ganap na sapin sa paa.

Tamasahin ngayon ang isang "PAG-ANGAT SA HANGIN" sa pamamagitan ng JACINTO at malasing bumuti ang inyong laro!

Jacinto
RUBBER & PLASTICS CO., INC.
5TH AVENUE, GRACE PARK · TEL. 2-67-67

**BAKOD NA BAKAL**




Nalathala kamakailan sa pahayagang "The Chicago Sun-Times", Estados Unidos. Inilalarawan si Stalin na sumisilip sa isang bintana ng Kurtinang Bakal ng Rusya, at nakita niyang ang kanyang mga balak ay hinadlangan ng isang Bakod na Bakal na binubuo ng mga baril na may bayoneta ng Mga Bansa sa Atlantiko.

---

**"Ako Man Ay Nagdanas Din Ng Pagkagutom Sa Lupain, Kaibigan!"**




Nalathala naman sa pahayagang "The Washington Post", Washington D. C., Estados Unidos

# PAG-IBIG: Isang Buntong-hininga

**ANG LALAKING PINAGHIHINGAHAN NIYA NG KANYANG MGA DAMDAMIN AY SIYA PALANG PUNO'T DAHILAN NG DINARANAS NIYANG MGA KALUNGKUTAN AT DALAMHATI SA BUHAY**

**Katha ni Marcelino R. Punongbayan**

TINAPAKAN na ni Ramon ang **starter**. Isa pa uling tapak sa gasolina. Umungal ang makina ng trak. Sinulyapan ni Milo ang kamay ni Ramon sa paghawak **sa cambio**. Lumakas ang ungal ng makina, at makaraan pa ang isang saglit ay gumapang na nang marahan ang sasakyang kinalululanan sa likod ng isang rehimiyentong bote ng mga inuming pampalamig na irarasyon sa mga tindahan sa labas ng siyudad.

Si Ramon ay tsuper. Si Milo ay siyang pinakaahenteng lumalagda sa dala-dalang kasulatan at talaan.

—Kanina pa kita napupuna, Milo... —ngingiti-ngiti si Ramon samantalang hindi iniaalis ang pagkakapako ng mga mata sa kinakaharap na lansangan. Kung sa bagay ay ngayon lamang niya napuna ang pagka-walang-sigla ng kasama. Nguni't talagang labis niyang pinagtakhan ang gayon; ang gayong pagsasawalang-imik ni Ramon na dati'y may painglis-ingles pa sa pagsakay sa trak kapag sila na namang dalawa ang nagkakatagpo matapos ang isang buwang pagpapalit ng mga tauhan sa linea ng rasyunang mga tindahan sa lalawigan.

—Ano ba? Para akong may kasamang tuod ngayon dito, a...

Napahalakhak si Ramon sa patuloy na hindi pagkilos man lamang ni Milo sa pagkakaupo. Nguni't ang isa pang sandaling nagdaa'y nagpadilat sa kanyang mga mata. Higit na malalakas na halakhak na walang kabuhay-buhay ang itinugon ng tinatanong.

—Makatatawa ka... makatatawa ka. Sa may dalawang oras na ipinagmabini mo ay ibinuhos mo ngayon ang pagtawa. Ano bang talaga ang nangyayari sa iyo?

Nguni't ang buntot ng halakhak ni Milo ay naging isang mahaba at malalim na buntong-hininga.

—Natanggap mo ba ang sulat ko sa iyo?

Saglit na nagbaling ng mga paningin si Ramon sa kasama.

—Oo, at isang sulat sa isang kaibigang pinagbabalitaan ng malabis na paghihirap at pagtitiis sa isang babaing labis na pinakaiibig...

—At gaya nang nabatid mo na, —simula na ni Milo, —iniibig ko siya. Iniibig ko siya, batid mo iyan, at isang pag-ibig na maging sa iyo ay pinaninindiganan ko ang katapatan.

—O, e ano ang masama roon? —napatawa pa nang marahan si Ramon. —Ano ang masama sa talaga namang karapatan mo ang umibig bilang isang may karapatang malaya? Nagtungo ka 'ka mo sa kanila, dinadalaw mo siya... araw-araw halos ay inihahatid mo at sinusundo sa upisina?

—Oo... sapagka't isa ngang layuning dakila ang aking pag-ibig sa kanya.

—Nguni't hintay ka nga muna, Milo... —nakangunot ang noo ni Ramon at sa kauna-unahang pagkakataon sa umagang iyon ay ngayon lamang tuwirang napatitig sa kaibigan.

—Ilarawan mo nga muna sa akin ang katauhan, ugali at iba pang bagay na may kaugnayan sa babaing iyan.

Matagal na napako ang mga mata ni Milo sa mukha ni Ramon. Hindi niya mawarian kung yao'y utos o kahilingan. Nguni't ni hindi nabakas sa kanyang mukha ang pagtutol at batid niyang tulad din nang dati'y kanyang gagawin; hindi sa pagtupad sa isang utos kundi manapa'y isa pang karagdagan sa umuunlad niyang pagsasama.

—Kung nakita mo na ang mukha ni 'Mona Lisa' ni Da Vinci ay gayon kung siya'y mangiti sa umaga at sa hapon, at batid kong yaon din ang kagandahan sa kanyang kaluluwa, sapagka't yaon ang kagandahang nadarama ng aking sarili sa kahabaan ng daang buhat sa kanila hanggang sa kanilang upisina.

Napaigtad ang tila-naglalakad sa liwanag ng buwang isang babae sa sabana ng pambansang lansangan nang tuunan ni Ramon ang butong nakausli sa ulo ng manibela.

Poooooot... pooooooot...

—Ginawa ko ang buo kong makakaya. Sa simula'y nagpapakasakit ako sa pagtitiis na kuyumin sa aking sarili. Nagsama kami at nawika ko noon sa aking sariling higit yatang magiging mabuti ang manatili na lamang na ibigin ko siya sa pangarap. Oo, sapagka't higit kong kinatatakutan ang sandali ng pagtatapat sa kanya, hindi sapagka't ako'y umid o natatakot sa pag-aalinlangan, kundi sa kasawiang batid kong siyang magiging kasawian ko na sa buo kong buhay. At nanatili ako noon sa pagtitis, sapagka't sa pagtitiis na yao'y may luwalhati sa hindi niya pagbabago sa aming pagtitinginan.

Walang kaimik-imik si Ramon. Maging si Milo man naman ay saglit na napatikom ang mga labi, samantalang tumatagos din ang titig sa salaming pangmukha ng sasakyan.

—Isang araw ay dinapuan siya ng karamdaman. Noon ko nadama sa aking sarili ang isang napakalaking pagkabalisa. Hindi yaon ang pagkabalisa kapag ang aking ama ay nagagalit sa akin. Hindi yaon ang pagkabalisa kapag si ina ay hindi kaagad dumating sa aking paghihintay. Nguni't ang pagkabalisang yaon ay kasindakila rin ng pagkabalisa kapag si ina ay dalawa o isang araw ko nang hindi nakikita. Estela, ang wika ko sa aking sarili noon, gagaling ka... gagaling ka... sapagka't ang pag-ibig ko'y siyang magiging lunas sa iyong paghihirap. At pinagsikapan ko siyang matulungan. Maaaring inakala tuloy noon ng mga nars sa ospital na siya'y aking asawa. At higit nga palang dapat akong maging maligaya noon. Oo, Ramon...

Nahintong muli ang pagsasalaysay ni Milo. Ang buntong-hiningang pumulas sa kanyang mga labi ay tila isang mahabang hibla ng sinulid na buong paghuhumirap na hinuhugot sa dibdib. Aywan kung napuna nito ang pagsulyap sa kanya ng kaibigan. Napataas-baba rin ang dibdib ni Ramon at sa muling pagbabaling ng mga paningin sa daraanang lansangan ay napailing.

—At isang bagaman at maliit ay saganang pananghalian ang inihandog ko sa kanya at sa kanyang mga magulang nang siya'y gumaling. Higit siyang gumanda sa aking paningin. Higit pa siyang naging kaibig-

(Buklatin sa pahina 12)

**ILANG TALUDTOD**

—ni Moises A. Santiago

## KAYAMUAN

*Nakayukayok na sa tindi ng antok*
*Ang minagdamag mong matakam na loob;*
*Nguni, hayan pa rin, at hayok na hayok*
*Ang iyong damdamin sa kaway ng lugod;*
*Ang nakapikit mong puyat nang alindog,*
*Sinisikangan pa ng nasang maimbot;*
*Hala, kung sadya kang nagpapatianod*
*Sa layaw, ay bakit di ako susunod?*
*At, sa hahantungang mapanglaw na puntod,*
*Pagniningasin ko ang ilang taludtod.*

# *Nang* MAGDAAN *Ang* DALUYONG

## Mga Ulat At Kurukuro Ukol Sa Digmaan Sa Pilipinas

Sinulat ni *Faustino Aguilar*

(KARUGTONG)

Hindi na dapat sanang muli pang pangatwiranan sa mga tala kong ito ang pagkakamali ng mga may ganyang palagay. Ang nasabi ko sa mga unang tala ukol sa talagang mithi ng mga pilipino ay sapat na marahil sa ikauunawang lubos sa tunay namang inisip ng bayan, nguni't upang lalong mapatampok ang liwanag sa suliraning ito ay itatala ko rito ang pahayag sa akin ni General Francisco tungkol sa ganyang bagay

--Ibig ko-- anyang-- makabalik dito ang amerikano, hindi upang panginoonnin; kundi sapagka't sila ang magbibigay sa bayan ng mga kakulangang akibat ng kasarinlang bigay sa atin ng Hapon at nang sa ganya'y malubos at maging tunay ang kasarinlan nating hawak ngayon ang kalayaan ay hindi maihihiwalay sa kasarinlan

At iyan ang totoo; nagsasarili nga tayo ay hindi naman malaya, anopa't sa turing lamang nguni't sa katotohanan ay bayang sakop at ng isang panginoong nagpipilit na tayo'y makaladkad sa ikabubusog ng kanyang masagwang kayamuan. Dahil nga sa pagkakilala ng bayan ng katotohanang ito, ay matamlay, ang kanyang kalooban; ito na rin ang sanhi kong kung bakit ang pangangasiwa ni G. Laurel, na pinagpipilitan naman niyang mapabuti at kagiliwan ng mamamayan, hangga ngayo'y napakadalas maungaong sa magagalabog na pagkabigo at sa wari'y mapapalibing nang walang kabaong pagdating ng araw.

Ang pagkabalik ng pamahalaan sa panahon ng mga Don Custodio ng Noli ni Rizal, ang nagkakapatung-patong halos na mga panukalang binalangkas upang isagawa, na hindi pa man lamang napasisimulang gawin ay napapalitan na ng bago na namang balangkas na mga panukala rin, ay nagpapatotoong ang kalituhan ay siyang nagpapagalaw sa matataas na pinuno ng pamahalaang nakatayo ngayon. Sukat na makagulat ang nangyayari, sinoman ay tila di-nakatitiyak ng gagawin, walang tumpak na tinutungo at sa ipagkakaisa lamang ng mga bagay-bagay na ibabalita sa bayan upang ito'y magkaroon ng pangangabayan sa pagtawid sa kinasusubuang mahigpit na tayo, ay kinailangan ang paglansag sa iba't ibang sangay ng pagbabalita upng itayo ang isang sadyang lupon na pinilit na mabuo ng mga tanyag na manunulat sa ingles, kastila at tagalog ,na may kawanihan sa Malakanyang at pinapamahalaan kay Arsenio Luz, na ngayon ay kasingtaas ng pangalawang kabahala sa kanyang katungkulang hawak. Ito raw ang gamot, ang lunas sa hindi pagkakaunawaan ng mga napipilitang maging bibig ng pamahalaan sa pakikipag-usap sa bayan; tangkang narinig ko kay Arsenio Luz na rin, nang ako'y kinapulong upang mapabilang sa mga kagawad ng Lupon. Ang lupon nga ay napatayo, samakatwid ang tangka ay itinuloy upang magamot ang kalituhan, nguni't hindi ako napabilang sa Lupon sapagka't ako ay tumanggi at dinahilan ko na sa kalayuan ng kinalalagyan ng aking tahanan ay hindi ko magagawa ang pumasok araw-araw. Kung ang tinahi kong dahilang ito ang tumalab, kaya hindi ako napalagay o kung ang naipipintas ngayon sa akin ng mga na sa pamahalaan na napakamaka-Quezon ako (gaya ng naipagkatapat sa aking minsan ng kaibigang Rafael Corpus na kagawad ng Sangguniang Pambansa); ang totoo'y dapat kong ikatuwa at ipagpasalamat sa kapalaran, gaya ng pagkatuwa ko at pasasalamat ngayon, ang hindi pagkakasama sa Lupon, sapagka't hanggang maaari. ang lalong mabuti'y huwag managutan sa anomang ginagawa o tatangkaing gawin ng pamahalaang ito, na hindi tinutulungan at nilalayuan pa nga ng bayan.

Ang nangyayaring mga kasigalutan sa bigas, gayon din ang pagtaas araw-araw ng halaga ng mga pagkain at ang pagkawala naman ng ilang mahahalagang kailangan, ay nagpapatunay na ang lahat ng hakbang na ginawa ng Pamahalaan, sunod marahil sa ibig ng mga hapon, ay natapos sa mga kahiya-hiyang pagkabigo. Ang Bigasang Bayan na ipinalit sa Naric, kung tawagin tuloy ngayon ay Bitayang-Bayan. Ang dahilan ay sapagka't kung ang naipintas sa Naric ay ang kawalang selang ng ilang matataas at mababababa niyang kawani; na alinsunod sa bulung-bulunga'y nangagsiyaman sa katatakal ng bigas, sa Biba naman ang ipinipintas ay ang pag-ako ng di kayang gawin, ang pag-aglahi sa nagugutom na mamamayan na kung bigyan ng bigas ay halos butil-butil. At kung alin pa ang durog, ang maitim, ang marumi at inaamag na bigas, ay siyang naibibigay sa bayan, na tila sadyang walang makuha o hindi makakuha kungdi ng labi at labis ng iba, na tinatanggihan at ayaw nang kanin ng lalong may-kapangyarihang makakuha.

Kasakit-sakit dalumatin na samantalang sa mga himpilan ng hukbong Hapon dito sa Maynila ang nakukuhang kaning-bahoy kung hapon ay kaning puting-puti, sa kalinisan ng bigas na isinasaing; sa Malakanyang at alinsunod sa mga naanyayahan na sa pananaghali ng Kanyang Kamahalan, ang Pangulo ng Repablika, ay nagkikisa na ng kamoteng-kahoy sa bigas na isinasaing. Maaaring katotohanan at paniwalaan na tuloy, kahi't ang ganito'y nakahihirin, na ang mga kawal na hapon ay dinadalhan daw dito ng bigas na kanilang kinakain; nguni't ano naman ang masasabi natin sa pagpapatotoong may sumpa pa ng mga karapat-dapat paniwalaang kababayan, na nagsisipagsabing sa kanilang lalawigan, sa kalagitnaan ng Luson, ang kumukuha ng palay ay mga kinatawan ng Hukbo? Maaari ba naman kayang ang mga mata'y nabulag na, ay mamatay pa rin pati ng pakiramdam ng mga sumasaksi araw-araw sa nangyayari?

Hindi mapag-aalinlanganan, na sa malawak na larangang ito sa Pilipinas ng mga "palabas" at mga "malikmata", ay may ibig mang-ulol sa talagang pauulol o kaya'y mga araw ito ng linlangan, na ang lalong tanga at mulala ang siyang maaaglahi at mabuti na nga na ang bayang ayaw padaya at lalong ayaw pahamak sa kanyang dangal, ay matutong magmatigas. Ang landas na tapatan lamang ang ikinararating na madali sa ibig parunan; ang pamamangka sa dalawang ilog kailanma'y hindi naging mabuti at yamang buo pa rin at hindi nababasag ang damdamin ng tunay na pagkamakabayan, ay ipagpatuloy na ang lakad sa talagang natatapat sa puso: sa tunay na kalayaan ng Bansa.

### HANDA NA ANG KABAONG

Napasabay sa ikalawang taong pagkahulog ng Pilipinas sa kamay ng Hukbong Hapon, ang masikhay naman, ágaran at puspos na paghahanda nito ng mga pananggol sa kaaway, na gayong sinabi at pinatunayang hindi na makababalik sapagka't naitaboy na sa totoong malayo, ay tila hindi lamang magbabalik kundi lulusob pa, upang bawiin ang sa kanya'y nawala sa samantala. Dikasing ang pagmamadali ng mga hapon sa pagpapayari ng mga kublihan, sa paglalagay ng mga kanyon, sa paggagayak ng mga dagdag na paliparan ng kanilang aeroplano at sa pagtatalatag ng mga palagiang kawal sa mga pook na kanilang pinipili; ay nakagigising sa kalooban ng bayan ng paniniwalang hindi na magtatagal at ang hinihintay na mga pangyayari'y masasaksihan ng lahat.

Ang Maynila, na tinatahanan ng maraming tao noong bago magsimula ang digma at kinatitipunan ng yaman, ng kalakal at ng lalong mahahalagang kabuhayan ng sambayanan, na hindi inilaban ng USAFFE upang huwag masalanta at madurog, ay tila hindi pagpapakundanganan ng Hukbong Hapon. Siyang pinagbubuting ihanda at pinalilibiran ng mga pananggol at mga kanyon laban sa aeroplano, na magiging tunay na himala kung hindi madurog at maging abo, sakaling ang kinatatakutang panganib ng mga hapon, ay dumating. Mula sa Las Piñas, baybayin ng look ng Maynila. hanggang sa Grace Park ng Kalookan na kinalalagyan ng magandang bantayog ni Andres Bonifacio, ay kasalukuyang ipinagagawa ang magiging paliparan at babaan ng aeroplano, na pinapantay, hindi lamang ang mga pilapil sa malalawak na kabukirang dati'y pinag-aanihan at ngayo'y hindi na mapagtatamnan, kundi pati maluluwang na daang ipinagawa ng Commonwealth na nakapaligid sa Maynila at sa nasasaklaw ng bagong Lunsod Quezon ay pinagsakitang maging hiyas na sukat ipagkapuri ng pagkakasulong ng mga pilipino sa pagtatayo ng mga bagong kabayanan, ay pinapantay na rin; ipinatitibag ang magagandang panghati sa gitna ng maluluwang

na daang ito na sadyang gagawing halamanan, na ano pa't ang lahat ay giniglba upang masunod ang kanilang balak, na paligiran ang Maynila ng mga pananggol na sukat nilang magamit sa . . pagpapakita ng tapang.

Kung dadalumating ang lalo mang hubad sa isip ay nakaaalam na ang isang bilad na kabayanang gaya ng Maynila, na walang malaking ilog kundi iisa, na wala man lamang kahi't isang burol na sukat pagkutaan, bagkus nakalatag sa isang kapatagang daluhungin man kahi't saang dako ay maaaring pasukin, matangi sa kanyang baybaying dagat na nasasakop ng look; ang mga ginagawa ngayong paghahanda ng Hapon ay tila rin pagsasaiansang nakatayo ng baraha, na sa hihip lamang ng hangin, ay mabubuwal na. Kung sa dating mga panahon ng digmaan, noong hindi pa natutuklasan ang mga aeroplano, na sa mga panahong ito'y kakila-kilabot na kasangkapang pangwasak sa kamay ng tao, mrahil ang ginagawang mga paggagayak na ito'y akma at tumpak upang biguin ang tangka ng kaaway; nguni't ngayon na ang mga aeroplano ay nakapagdadala ng mga bombang sakdal lalaki, na kung pabagsaki'y nakapagwawasak ng malalawak na bahagi ng lupang tinatamaan at nakahuhukay pa nang napakalalalim, ang mga tanggulan, ang mga kublihan at nangakabaong kanyon laban sa aeroplano, na madaliang ipinagagawá ng mga hapon sa buong paligid ng dating Maynila, ay isá lamang pag-aanyaya sa kaaway na durugin ang kabayanang ito hanggang sa walang matira kundi abo lamang.

Ang kalooban mang lalong matimpi ay sukat paghariau ng lagim, kung gugunam-gunamin ang mga mangyayaring sukat na ibunga ng pagpapasikat na itong ginagawa ng mga hapon. Sapagka't sa tiyakang pananalita't walang ibang kahulugan ang kanilang ginagawá ngayon, kundi isang tunay na *pasikat* lamang. Tanghalan ng kahambugán ang kanilang iginagayak na ito at hindi tanggulan at ang kasakit-sakit at nakapanlalagim isipan ay ang tangka nilang idamay, sa sasapiting kapalaran, ang libu-libo at laksalaksang mamamayan na kung magkatao'y una pang mangamamatay. Tila ang kanilang tangka ay ulitin sa mga araw na ito sa Pilipinas, ang ginawa ni Samson sa mga pilisteo, na ang ipagkakaiba lamang ay iisang simbahang puno ng tao ang pinaguho ni Samson, samantalang ang ibig paguhuin ng mga hapon ay isang buong kabayanan na gaya ngayon ng Maynila ay tinitirahan ng humigit-kumulang sa isang angaw at kalahating tao; na dito'y halu-halo na at magkakasama ang mga babae at matatanda, ang mga maysakit at mahihina, ang mga bata at mga sanggol, pati na mga pasusuhin. Saang batisan kaya ng walang pangalang kalupitan sa matandang Asya, nasahod ng Hapon ang kamandag ng ganitong tinatangkang katampalasanan, na labag na sa sariling bait, ay humahalay pa sa katauhan? Isa lamang hindi nagtipon kaya walang-hinayang magtapon, ang makai-isip ng ganito.

Sa katotohana'y ano nga baga sa mga hapon, magkadurug-durog man at mawasak ang Maynila? Hindi sila ang nagtayo ng lunsod na itong nakatirik sa hindi naman sarili nilang lupain; bunga ng sinop at katiyagaan ng mga pilipino, na sa daandaang taong nakararaan ay nangagsumakit na maparilag ang pangulong kabayanan ng Sangkapuluan upang maging buháy na tanda ng pagkasulong ng sambayanan; lalo pa sa mga huling panahong ito na ang mga pilipino'y matuling nakibagay sa takbo ng panahon, ang Maynila ay naging tunay na hiyas at maningning na tampok ng kanilang mga pagsusumakit, na hinahangaan sa gandá at karilagáng taglay, pati na ng mga dayuhang nakikipamayan dito na sumasalilong sa mga makataong kautusáng nagsasaayos ng pagsasamahán sa sulok na ito ng sansinukob; datapwa't ganito man ang kanyang mga katangian ay tila itinatalaga siya sa pagkakawasak ng napakasagwang pagmamarangya ng hukbong hapon sa kanyang lakas at katapangan.

Hindi masabi kung ano ang iniisip at isinasaloob ng matataas na pinuno ng Republika, sa hindi na pasasaksihan pang balak na katampalasanáng ito; ang totoo'y naghahari sa mga kalooban ang linggatong at ang lahat ay sabik na naghihintay ng sukat magawa ng mga nasa pamahalaang, nangagsasabi nang buong pagmamalaki, na sila ay mga kinatawan ng bayan at tagapagtanggol ng kapakanan nito. Isang tunay na pagsubok sa kanilang magagawa at sa kapangyarihang sinasabing hawak ng Republika ang nangyayari; ang ikaliligtas ng bayan sa mga kabanglisan ng isang digmang gaya nito, ang kinakailangang pagpumilitang magawa; at may pagkakataon dahil dito ang mga pilipinong nagsisipamuno ngayon, na paglingkuran nga nila nang totohanan, kahi't minsan, ang kaawa-awang bayang nasa bingit ng isang pagkapahamak na pagkakatao'y pagkakaramayan ng kanyang buhay at kayamanan.

Kung dahil sa masagwang kapalaluang siyang ikinapapatangi ng Hukbong Hapon, ang kanyang binabalak na pakikilaban sa Maynila ay hindi maliwasan sapagka't ang ganito'y kabilang na sa mga paraan ng kanyang pagpapatiwakal, masabi lamang na talaga siyang matapang, ang nararapat sana'y ilayo sa panganib ng mga mamamayan at gaya ng ginawa sa Tokyo, na hindi pa nagtatagal, ang mga hindi makalalaban ay pinalayo at pinalipat sa mga pook na inaakalang ligtas sa panganib. Alinsunod sa napalathala sa mga pahayagan tungkol sa paghanda ng Tokyo, pati ng mga kawanihan at mga paaralan ay ipinaaalis at ipinalilipat sa malalayong pook, samantalang dito sa Maynila, matatapos na lamang ang paggagayak ng hukbo ng kanyang mga pananggol sa paligid-ligid ng lunsod, ay walang iniuutos sa taong-bayan ang mga pinuno kundi ang paggawa ng bawa't mag-anak ng mga kublihang mapagtataguan, sakaling magkaputukan na. Sabay sa ganitong utos na sinasanay na naman ang mamamayan sa pagpatay ng ilaw kung gabi at sa pagtuturo ng ilang mga paraang pangkaraniwan upang di-umano'y mapaligtas sa mga kapahamakang ibubunga ng pagbagsak ng mga bomba. Kung ang mga utos lamang na ito ang kayang gawin ng mga pinuno, hindi sapagka't hanggang doon na lamang ang abot ng kanilang isip, kundi sapagka't ganyan na lamang talaga ang ipinahihintulot na kanilang magawa ng mga tunay na panginoon, ay kailangan nang isipin marahil ng bayan, kung siya na, sa kanyang sarili, ang dapat gumawâ ng paraan sa ikapaligtas.

Nakapagtataka nang di ano lamang, kahi't na sa lalong matimpi at hindi mapansinin, ang tila pagbubulag-bulagan ng mga pinuno ng Republika sa mga panganib na sukat kasubuan ng lahat, dahil sa mga paghahandang ito. Bakit hindi malutos, hangga't may panahon at maluwag pang magagawa, na ang mga mamamaya'y umaalis sa nasasakupan ng lunsod? Bakit ang napakaluwag at madaling sunding kautusang ito ay siyang hindi isagawa at ang tila pinagsusumakitan ay ang pagpilit sa mamamayang gumáwa ng mga kublihan at manatili sa kani-kanilang kinatatayuan ngayon? Ibig kaya bagang sa ganitong paraan ay patunayan ng mga pinuno sa *mga tunay na panginoon*, na ang paniniwala at pag-asa ng bayan sa lakas at sa kapangyarihan ng hukbo ni Tozyo ay napakalaki, na sukat nang maalamang siya'y nakatalatag sa paligid ng Maynila upang panaligang, ang kaaway, gaano man karami at kalakas, ay hindi makadadaiti? Ibig bang patunayan ng mga pinuno ng Republika, sa ganito nilang napakasalaring kapabayaan, na ang bayan nga'y naniniwalá sa kanilang pinanaligang tiyak at walang pagsalang tagumpay ng mga hapon, sa digmaang ito?

Ang pagbubulag-bulagan (payag akong papakinabangin sa pag-aalinlangan ang mga ppinunong ito), ay hindi dapat maging kabangawan na kahi't nadarama na ang katotohanan, ay magpapatuloy pa sá pagpapakabulag. Ang pagkalagay sa panganib ng sambayanan ay dapat nang makabalino sa kanila at pagkaraanan man ng kanilang ikapapahamak (ang pag-ilag dito'y siya nilang ipinaging malambot na pagkit sa kamay ng mga nagsirating) ay dapat silang magsagawa ng mga paraang tumpak at wasto na sukat ikaligtas ng lahat; at minsan man lamang, sa hindi pagsang-ayon sa ibig gawin kabuhungan sa ba-

**(Buklatin sa pah. 14)**

## KARANGALAN

**Karangalan,**
**Sa ginto mong pugad...**
**Nagtigis ng dugo yaring aking buhay**
**Upang ang ningning mo ay aking makamtan.**
**Datapuwa't... Sayang...**
**Lumipad ka!**

**Sinundan ka**
**Ng aking tiyaga...**
**Sa mga panitik ay nasukol ka rin:**
**Bigla kong sinakmal, koronang laurel**
**Nguni't bumulagpos**
**Sa palad ko...**

**Tuloy pa rin**
**Sa landas ng nasa:**
**Subali't himala, ang malaong nais**
**Ay narito pala sa bungang panitik,**
**Kamanyang na pala**
**Sa noo ko...**

**—JUAN LA PALTAO**
**San Leonardo, Nueva Ecija**

# MATIIM NA PAGKAKAWANGKI NG DALAWANG BAYANI NG ATING BANSA:

# Jose Rizal - Manuel Quezon



Dr. Jose Rizal

**ni JESUS C. OLEGA**



Manuel L. Quezon

NANG SI RIZAL ay bata pang nag-aaral sa Ateneo, ang daloy ng kaniyang panulat ay pawang nauukol sa kadakilaan at pagpupuri sa Katolisismo. Sa kolehiyong ito ay siya rin ang kalihim ng Congregacion Mariana. Bago nilisan ni Rizal ang Ateneo ay umukit pa siya ng Imahen ng Puso ni Jesus. Si Rizal ay nagtapos sa pagka-**Bachiller en Artes**, sa kolehiyong ito na ang tinamong nota ay EXCELENTE.

Simula sa kamusmusan ni Quezon ay kapisan na siya ng paring Kastila sa Baler, ang Pransiskanong si Reb. Teodoro Fernandez na siyang nagturo sa kaniya ng nauukol sa pananampalataya, latin, balat-lupa, at iba pa. Nang si Quezon ay magpatuloy ng pag-aaral sa Letran ay nasa pagtatangkilik siya ng mga paring dominiko bilang isang utusan, at isang panahong siya'y gumanap sa pagka-sakristan. Nang si Quezon ay magtapos sa pagka-**Bachiller en Artes**, sa kolehiyong ito, ang tinamong **nota** ay EXCELENTE.

* * * * *

Kung hindi dahil sa mga kaguluhang nilikha ng Pagbabangon sa Kabite noong 1872, si Rizal sana'y magiging isang paring Heswita.

Kung hinayaan lamang na magpatuloy ng pagpasok sa klase sa teolohia, sa halip na pahinain ang loob, si Quezon sana'y magiging isang paring Dominiko.

* * * * *

Nang si Rizal ay nasa Espanya samantalang ipinagpapatuloy ang pag-aaral, ang nais niya'y madulutan ng **kaligayahan at pagkasulong ang kaniyang tinubuang lupa. Hinangad niya, sa pamamagitan ng kaniyang mga sinulat at mga talumpati, na ang Pilipinas ay pagkalooban ng mga Kinatawan sa Cortes,** (kapulungang tagapagbatas) **upang ang mga kinatawang ito ay siyang magpahayag ng mga hangarin ng Pilipinas at sa ganya'y magkalapit ang damdaming Kastila't Pilipino: mahalin ng Pilipinas ang Espanya at ito naman ay bigyan ng mga kaluwagan sa pamahalaan o autonomia. Sa paraang iyan ay magkakatulungan ang dalawang bansa, sa ikaliligaya ng Pilipinas at sa ikatatatag ng Pamahalaang Kastila.**

**Nang si Quezon ay nasa Amerika bilang Sugong Kinatawan ay ninais niyang madulutan ang Pilipinas ng mga kaluwagan sa Pamahalaan. Ipinakilala at ibinandila niya ang karapatan at hangarin ng kaniyang bansa sa kaniyang mga talumpating b i n i g k a s, hindi l a m a n g sa K o n g r e s o ng Amerika, kundi gayon din sa iba't i b a n g l i p u n a n g kaniyang dinaluhan o pinagtalumpatian. Bago nilisan ni Quezon ang tungkuling pagka-Sugong Kinatawan ay natamo niya ang Batas Jones na nagkakaloob sa atin ng malaking kaluwagan sa pamamahala**

* * * * *

**Bunga ng pakikipag-unawaan ni Rizal sa mga dalubhasa at pantas sa iba't ibang panig ng daigdig, siya'y naging kalaban ng pananampalatayang Katoliko. Siya'y naging isang masugid na Mason.**

**Bunga ng pakikipag-unawaan ni Quezon sa mga dalubhasang Amerikano, siya'y naging kalaban ng pananampalatayang Katoliko. Siya'y naging isang masugid na Mason.**

* * * * *

**Matapos sulatin ni Rizal ang nobela niyang "El Filibusterismo" (karugtong ng "Noli Me Tangere"), inakala niyang wala na siyang dapat pang gawin sa Europa. Sa gayo'y ipinasiya niyang magbalik sa Pilipinas upang harapin ang kaniyang mga lihim na kaaway at ipakilala sa mga taong ito na siya'y hindi natatakot sa kamatayan sa pagtatanggol sa kaniyang mga sinulat at ibinandila mga simulain: gayondin upang iligtas ang mga taong pinag-uusig nang dahil sa kaniyang mga sinulat, lalo pa ang kaniyang mga magulang, mga kamag-anakan at mga kaibigan. Sa paglisan sa Europa ay humantong siya sa Hongkong, at buhat sa kolonyang ito ng mga Inggles ay yumari siya ng dalawang liham, noong ika-20 ng Hunyo ng 1892. Ang unang liham ay ukol sa kaniyang TINUBUANG BAYAN at ang isa ay pamamaalam niya sa kaniyang MGA MAGULANG, MGA KAMAG-ANAKAN AT MGA KAIBIGAN. Ang tagubilin niya ay huwag munang bubuksan ang mga liham na ito kundi kung siya'y PATAY NA. Ipinagkatiwala niya ang pag-iingat sa mga liham na ito kay Dr. Marquez, ka-manggagamot at matalik niyang kaibigan.**

**Nang pumasok si Quezon sa pagamutang Johns Hopkins upang magpatistis ng sakit sa bato, sa pag-aakalang wala na siyang kaligtasan, bago isinagawa ang pagtistis ay yumari siya ng d a l a w a n g liham, ang isa ay ukol sa kaniyang TINUBUANG BAYAN at ang isa ay pamamaalam sa kaniyang MGA KAANAK, SA KANIYANG MAYBAHAY AT MGA ANAK. Ang tagubilin niya ay huwag munang bubuksan ang mga liham na ito kundi kung siya'y PATAY NA. Ipinagkatiwala niya ang pag-iingat sa mga liham na ito kay Major Nieto, ang kanyang Ayundante de Campo.**

* * * * *

**Dahil sa malabis na pagmamahal ng mga Heswita kay Rizal, pinagsumikapan ng mga alagad ng pananampalatayang ito na siya'y magbalik-loob, bago bawian ng buhay, sa pa**nanampalatayang unang nagpatibok sa kaniyang puso na siya ring pananampalataya ng kaniyang mga magulang. Sa pagsisikap nina Padre Balaguer, Vilaclara, Viza, Faura, at iba pa, nang gabi nang ika-29 ng Disyembre ng 1896 ay pinaglamayan nila na hikayating malamuyot ang puso ng bayani na ito'y yumari ng isang PAGBABALIK-LOOB. Sa wakas ng lahat ay nagtagumpay ang mga Heswita at napapagbalik-loob nila ang damdamin at puso ni Rizal upang sumulat ng isang Pahayag na siya'y humihiwalay sa Kapatirang Masoneria. Sa gayo'y pinagtali ang kapalaran nila ni Josefina: sila'y ikinasal ni Padre Balaguer alinsunod sa Pananampalatayang Katoliko. Basahin natin ang sinulat na PAGBABALIK-LOOB NI RIZAL:

**Ipinahahayag ng aking sarili na ako ay Katoliko at sa pananampalatayang ito naging tao ako at nagtamo ng karunungan, nais kong dito ako mabuhay at mamatay. Pinagsisisihan ko ng boong puso ang bawa't aking sinulat, inilathala, at mga ginawi na nalalabag sa aking kalooban bilang isang anak ng Simbahan. Ako'y naniniwala at sinusubaybayan ko ang kaniyang mga iniaaral, at ako'y sumasailalim sa bawa't kaniyang kakailanganin...**

**Ang Preladong Deosesano o ang Alagad ng Dioscesis, bilang makapangyarihang pinuno ng pananampalataya, ang nararapat na maghayag sa bayan ng aking pahayag na ito ng boong**

**(Buklatin sa pahina 12)**

# TALAANG BUGHAW

## Ukol sa Mayo – Ni A. G. Abadilla

MAYO. Patuloy ang pagdadahop ng aning pampanitikan. Katulad ng mga buwang nakakalipas ang Mayo ay walang gaanong kulay, bagaman nakapag-alay ng limang napagkalooban ng tig-2½ bituin: "Laura", katha, ni Miguel B. Alvaro (Liwayway ng ika-7); "Talaarawan ng Isang Ina," katha, ni Arsenio G. Avenido (Bulaklak ng ika-23); "Ni Kailanman,", katha, ni A. Fernandez, (Liwayway ng ika-14); "May Salit nang Darling", katha, ni David P. San Pedro (Liwayway ng ika-21); "Sasama Ako sa Iyo", katha, ni Roberto S. Teodoro (Liwayway ng ika-21).

Ang tula, gaya ng dati, ay patuloy sa kinamulatan: ang pananatili sa maliit na galawan at makipot na durungawan.

REKLAMO. Gaya ng sinumang naggagawad ng pasiya, ang may-ari ng Talaang Bughaw ay hindi maaaring makaiwas sa pagmamaktol ng mga kinauukulan. Kung minsan ay hindi lamang pagmamaktol ang nangyayari kundi pagmamaktol na humahantong pa sa reklamo, at reklamong kadalasan ay may bitbit na pagkamuhi ng damdaming kahit katanghaliang-tapat ay walang inaasam kundi ang sikatan ng mga bituin.

Naririyan, sa halimbawa, si Manggano na nagsasabing umano'y **hindi nabigyan ng katarungan** ang kanyang katha nang ito'y hindi nakaabot sa sukatan, sa sukatang naghahanap ng tiyak na bagay sa isang akda, maging katha o tula man.

Maipagpapaumanhin sa sino man, lalo pa nga sa isang kung tawagi'y manunulat, ang paghahangad niyang siya'y makilala at matanyag sa lipunang pampanitikan. Bunga niyan ay buong katiyakang masasabing natural din sa kanya ang siya'y maglunggati sa paglalagpak ng mga bituing pinagmimithian ng balana. Subali iyan, ang paglagpak o hindi ng mga bituin, ay wala sa nagrereklamong man-u-u-lat lamang kundi nasa kakayahan niya (kung mayroon) bilang manlilikha, at lalong wala (di nga kasi!) sa ano pa mang hangin sa isip, na, kung kaya lamang nagsasabing mababa ang sukatan ng may-ari ng Talaang Bughaw ay sapagka't hindi nito napagkalooban ng 3 bituin ang akdang ipinalalagay na obra maestra.

Mayroong mga tao, na kadalasa'y may pagpapanggap sa panunulat, na hindi maalam magdala ng damit-kabiguan. Nabigo ka, sa halimbawa, sa manunuri (may lisensya o wala) at ang obra maestra mo'y hindi niya kinilala. Bakit ka magmamaktol, bakit magrereklamo, at bakit tila ibig mong manghingi, lamang? Ang sinasabi mong hindi pagkapagbigay sa iyo ng katarungan (nang lumagpak sa sukatan niya ang iyong akda) ay walang katuturan, bakit na nga tanggapin pang luma na nga ang sukatang ginamit. Kung mayroon siyang hindi nabigyan ng katarungan (napakalaking salita ito) iyon ay ang sarili na rin ng manunuri at hindi ang sumulat ng akdang hindi naibigan.

Ang manunuri, sa kanyang tinutungkol, pampanitikan man at panlahat, ay pansarili din niya. Kailangan niyang masiyahan sa mga akdang pinagtitiyagaang basahin at suriin, at kung maari'y mapaniwala siya ng awtor sa kadalisayan ng katotohanang inilarawan — ang mahalagang pang-isiping hinahanap niya sa isang katha o tula. Sa sandaling siya, na manunuri, ay mabigo at ang mahalaga niyang panahong iniukol sa pagbabasa'y hindi nagantimpalaan, siya ang bigo sa may akda at hindi ang may akda ang bigo sa kanya. Iyan ay sa dako ng manunuring walang dalang mag-aksaya ng mahalagang panahon sa pagbabasa ng mga akdang walang tinutungo at walang mahalagang ibig sabihin. Nguni, sadyang ganyan ang manunuri: matiyagang-matiyaga, walang kadala-dala, at lagi nang may hinahanap na wala sa kanyang panahon. Kaya pa lamang tutoo ang salawikaing siya ang lumilikha ng kanyang panahon at hindi siya ang inilikha nito.

Ang manunuring sumusunod lamang sa panahong kinabuhayan at kinabubuhayan, katulad ng makata o mangangatha, ay walang karapatang makapagsabing siya ay siya na nga, iba at naiiba sa maraming layak sa lansangang kung saan tisurin ng katauhan ay doon na lamang nilulubugan ng araw. Ibig ba ninyong mabilang sa panahong walang sarili: walang kaibhan sa mga sinundan? Kung ibig ninyong maging karaniwang layak, kayo na nakapaloob sa panahong ito ng nanlilimahid na pangangalakal sa panitikan... hayu kayo, masasarili ninyo ang magandang kapahamakang iyan, ang huwag mahango sa lusak.

Ang kababaang sinasabi ng isang sukatang pampanitikan ay wala sa pagsasabi lamang: kailangang ipakilalang mababa nga, gaya ng sinasabi. Lumalabas tuloy ang ibig itagong madilim na kalikasan ng nagsasabi. Datapuwa, sakaling ang pagpapakilala ay mahirap (bagay na mahirap ma'y pakikinabangan naman ng hinaharap) ay hindi naman kailangang magbilad ng kababawang karaniwan na sa mga nagpapanggap lamang. Ipalagay na abot na sa matinong sukatang pampanitikan at pansining ang isang akda dahil lamang sa ito'y nagtataglay ng mga katangiang pampamamaraan, na madalas ay pampaaralan, ay sukdulan na ng kababawang maaaring sayaran ng kahit bangkang papel na karaniwang pinaglalaruan ng mga musmos.

Gaya ng nasabi na, hindi sapat sa may-ari ng Talaang Bughaw ang mga katangiang pampamamaraan lamang (gaya ng malinis na pananagalog, katimpian o katipiran sa pananalita, at iba pang katangiang higit na saklaw kaysa hindi ng kaanyuan). Ang kailangan sa isang akda ay mga katangiang pangkalamnan na may lakas ng loob at kakayahan pa ring makapagpahayag ng mahalagang ibig sabihin ng awtor (kung mayroon) — yaong pang-isiping dahil sa uri'y kasing kulay, kasing ganda at kasing bisa na rin ng katotohanang pangkaluluwa.

PAGKAHOL SA BUWAN. Ang

### TALAAN NG KAKANGALAN

Mga Pananda: **Liwayway**, L; **Bulaklak**, B; **Ilang-ilang**, I; **Bagong Buhay**, BB; **Maikling Katha**, MK; **Tula**, T.

**AGUSTIN, MAXIMO H.**
** Marupok na Tanikala (MK-I-3)
**ALVARO, MIGUEL B.**
**½ Laura (MK-L-7)
**ANGELES, ANASTACIO T.**
* Bawa't Gabi'y May Umaga (MK-B-2)
**ANTONIO, JOSEFINA E.**
* Dalawang Kabayanihan ng Puso (MK-L-7)
* Bantayog (MK-BB-13)
**ARETA, PURIFICACION**
* Isa pang Bayani (MK-B-30)
**ARCEO, LIWAYWAY A.**
** Tao (MK-BB-6)
**BARTOLOME, BENJAMIN A.**
* Mangga, Mama (MK-L-21)
**AVENIDO, ARCENIO G.**
**½ Talaarawan ng Isang Ina (MK-B-23)
**BATUNGBAKAL, BRIGIDO C.**
** Bagong Linamnam ng Lumang Alak (MK-I-17)
**BAUTISTA, MANUEL PRINCIPE**
* Harana (MK-L-7)
**BAUTISTA, PABLO N.**
* Isang Dula sa Karimlan (MK-BB-6)
**BOGUSLAV, BEATRIZ G.**
* Ito ang Pagasa (MK-L-7)
**BUSTAMANTE, ANACLETO L.**
** Ang Kanilang Sumpaan (MK-I-3)
**CARAVANA, NEMESIO E.**
* Panitik (T-I-10)
**CAINGLET, GREGORIO F.**
* Sarhentong Pulpol (MK-L-28)
**CRUZ, ALBERTO SEGISMUNDO**
* Katarungan at Bulaklak (MK-L-28)
**CRUZ, FELI DE LA**
** Naminsan (MK-L-21)
**CRUZ, JOSE ESPERANZA**
* Iisa Lamang (T-I-24)
**ESGUERRA, JESUS S.**
** Tagumpay ng Isang Talunan (MK-I-17)
** Ang Ibon (T-I-3)
* Ang Langit (T-I-17)
* Gamugamo (T-I-31)
**ESTRELLA, JOSE DAL.**
* Kamanyang sa Araw ng Paggawa (T-L-7)
**EVORA ERNESTINA C.**
** Sinamba ng Kanyang Puso (MK-L-7)
**FERNANDEZ, A.**
**½ Ni Kailanman (MK-L-14)

(Buklatin sa kabilang pahina)

aso, palibhasa'y hayop nga lamang na di naiiba sa karaniwang kahinlog na walang bait, wika nga, ay palakahol sa buwan. Ang ganito'y makatwiran: may pagpapalagay ang asong ang buwan ay kesong makakain, at sa gayong pagkahul-kahol ay maaaring malaglag sa kanyang harap. Nguni ang aso ay aso nga lamang: may kakatwang igpaw ng isip, kung may isip nga. Sapagka't minsa'y nakapag-umit ng kesong itinago ng panginoon sa paminggalan at natikmang masarap, at sa dahilang ang buwan ay tila buong kesong nakabitin, kaya ipinalagay na ring ang buwan ay keso, at kung kaya kinakahulan ay sa palagay na iyon ay malalaglag. Saka nang hindi malaglag ang buwan, ang pobreng asong si Manggano, at dahil sa kabiguang may pagkamuhi, ay payamot na nagsabi sa sarili ng ganito: A, keso? Walang kuwenta ang kesong 'yang hindi ko makain, di tulad ng kesong inumit ko sa paminggalan ng aking panginoon!

Bilang leksyong moral: ganyan, walang iniwan sa isang hayok na aso si Manggano, si Mangganong nagpapakamatay sa karangalan, at nang ito'y hindi makuha sa pagkahul-kahol ay nagkasiya na lamang sabihing umano'y walang kuwenta ang karangalan, at sa gayon ang sukatang kinasasampayan nito ay mababa.

**MAGANDA UMANO KUNG SINASABI.** Mayroon namang iba na naghihinalang magandang naipahahayag ng may-ari ng Talaang Bughaw ang mga simulain niya sa pamimili, subali di naman alam kung papaano gagamitin o iaagpang kaya sa pagsusuri.

May matuwid ang ganyang pagbibintang kung maipakikilala ang gayon. Ang pagpapakilala ay pagpapatunay. Ang paghihinalang sinasabi lamang ay hindi makapag-aalay sa kapakanang pampanitikan.

Papaano kaya maipahahayag ng sinuman (at sa paraang maganda pa rin) kung hindi niya alam gamitin ang simulain, o iagpang kaya ang akdang sinusuri sa simulaing buong bisang naipahayag ng gayon at ganitong simulain.

Kung ang pagsapit ay isang gaygaying walang katapusan (na siya namang tutoo, lalo na para sa karamihan ng mga manunulat sa wikang pambansa) hindi ito dahilan upang masabi (lamang) ng balana, lalo na ng isang awtor, na ang may-ari ng Talaang Bughaw, katulad niya, ay hindi pa nakasasapit, dahil lamang sa itong huli'y tumanging tumunghay sa mababang kinalalagyan ng una. (X)

---

**TALAAN NG KARANGALAN**

(Karugtong ng nasa pabina 11)

**GARCIA, BASILIO RES.**
** Katapatan (T-B-30)
**JOSE, LEONILA GATMAITAN**
* Liham na Walang Lagda (MK-B-23)
**KAHANDING, RAFAEL**
* Hinanakit (T-L-14)
**KARASIG, JOSE DOMINGO**
* Makatawa't Makagalit (MK-L-10)
* Si Melang (MK-I-24)
**LAUDICO, ADRIANO P.**
* Ina ng Anghel (MK-I-10)
** Ang Pag-ibig ay Di Pumapatay (MK-I-17)
* Konsiyerto ng Pag-ibig (MK-I-24)
**LIZASO, MARINO L.**
** Ginto sa Putikan (MK-L-7)
**! Nang Dumalaw sa Biyenan (MK-L-14)
** Nagbakasyon ang Senyorita (MK-L-28)
**LOPEZ, GAUDENCIO TOL.**
* Langit ng Isang Pagibig (MK-B-23)
**LOPEZ, MARIO MIJAREZ**
* Wala kang Kapantay (MK-B-16)
**MAKAPUGAY, EMILIANO**
** Matandang Dalaga (MK-L-14)
* Hindi ako Bagay sa Iyo (MK-L-21)
**MARCELINO, PATROCINIO R.**
** Hanapin mo ang Katotohanan (MK-I-3)
** Salamat na Lamang (MK-I-24)
** Bantayog ng Tatlong Buhay (MK--I-31)
**MARCOS, VICTOR TOLEDO**
** Pagkukunwari (MK-I-17)
**MEDINA, BUENAVENTURA G.**
* Guro sa Wikang Pambansa (MK-L-28)
**MENDOZA, CLARO B.**
* Pamumugad ng Martines (MK-L-14)
**MINA DEMETRIO Y.**
* Tennessee Waltz (MK-I-3)
**MOJICA, ROSENDA A.**
** Ang Unang Hakbang (MK-L-21)
**MONTEVERDE, WILFREDO DE**
* Pandanggo ng Buhay (MK-B-9)
**MUNDO, CLODUALDO DEL**
* Diyosa ng Buwan (MK-I-10)
** El Traidor (MK-L-14)
** Sumasayaw nang May Luha sa Mata (MK-I-17)
* Huling Liham (MK-I-24)
**NAVARRO, JOSEFINA R.**
*Sumpa ni Imelda (MK-I-3)
**OCAMPO, M. L.**
* Dumalangin (MK-L-28)
**PAGTANANAN, JUANITO C.**
* Para ring Kamatayan (MK-B-9)
**PINEDA, GEMILIANO**
* Pagbabalik (MK-I-10)
** Magkabagay (MK-I-17)
* Ngipin sa Ngipin (MK-I-24)

(ITUTULOY SA SUSUNOD NA LINGGO)

---

## Matiim . . .

(Karugtong ng nasa pah. 10)

**kagitingan, upang maisa-ayos ang mga sigalot sa di pagkakaunawaan sa aking mga inadhika at nang upang sa bagay na ito ay patawarin ako ng Diyos at ng mga tao.**

**Maynila, ika-29 ng Disyembre, 1896**

**JOSE RIZAL**

Maaaring akalain natin na ang pagbabalik loob ni Quezon sa pananampalatayang Katoliko ay naisakatuparan dahil sa laging pagdalaw sa kaniya ng Arsobispong si Mons. Michael O'Doherty na ang laging napag-uusapan nila ay ang nauukol sa Dogma o mga Aral ng Katolisismo, gayundin ang laging pag-amuki sa kaniya ng kaniyang maybahay at mga anak na pawang masusugid na Katoliko. Kaya't sa wakas ng lahat ay yumari si Quezon ng isang pahayag bilang PAGBABALIK LOOB niya sa kaniyang kinamulatang pananampalataya. Ang pahayag ni Quezon ay sinulat niya sa wikang Kastila noong ika-18 ng Agosto ng 1934 at ipinadala sa pangalan ng Arsobispo Michael O'Doherty. Basahin natin ang sinulat na PAGBABALIK LOOB NI QUEZON:

**SA INYONG KALAKHAN: May mga dalawampu't limang taon na ngayon, humigit kumulang, simula nang ako'y humiwalay bilang isang anak ng Pananampalatayang Katoliko, na dati'y kinabibilangan ko dahil sa pagkakapagbinyag sa akin, na katulad din naman ng aking mga magulang, na nangauna sa akin, na nabibilang din sa pananampalatayang ito. Ang aking pagkapahiwalay sa pananampalatayang siyang umakay sa akin buhat sa kamusmusan, nang aking kabataan, at maging nitong mga huling taong ganap na ang aking kaisipan, ay hindi lamang dahil**

(Buklatin sa pahina 17)

---

## Pag-ibig . . .

(Karugtong ng nasa pahina 7)

ibig. "Gaano, Estela, ang kaluwalhatiang nadarama ko sa aking puso ngayong gumaling ka." Napatitig ang kanyang magagandang mga mata sa aking mukha. Hindi ko naanag-ag sa kanyang pagkakangiti ang anumang pagdaramdam o pagkakaroon kaya ng anumang hiwatig sa aking sinabi. Nguni't batid kong nakakita ako ng isang liwanag. Oo, isang liwanag na di ko pinagkamalan, nguni't yao'y labis kong pinagtakhan upang limit kong maalala.

Kinabig ni Ramon ang manibela. Lumiko sila sa kanang daan.

—Napuna mo ba, Milo, ang pagkakasanga ng daang ating tinahak?

Muling napatitig sa mukha ni Ramon si Milo. Tatangu-tango pa ang ulo nito.

—E, sa hinaba-haba ba naman ng panahong yaong nagpatamis nang nagpatamis sa inyong pagsasama ay hindi ka man lamang nakapagbuka ng bibig? Ang ibig kong sabihin ay hindi mo man lamang nasabi ang, "iniibig kita, Estela"?

—Kami nga'y nagpatuloy . sa pagtitinginang napakadakila, — muling pagpapatuloy ni Milo na higit na masasabing pagdurugtong sa pagsasalaysay kaysa sa isang tugon sa katanungan ng kasama. —Sa bawa't saglit

(Buklatin sa pahina 15)

# PAGSUSURING—AKLAT

MGA PILING SANAYSAY
Tinipon ni Alejandro G. Abadilla
Inilathal a ng Inang Wika Publishing Co., 1950
xvii—211p.

**Sinulat ni CRISTINA C. EBREO**

(P. ng P.: Ang sumusunod na pagsusuring-aklat sa katipunan ng mga sanaysay na inihanda ni Alejandro G. Abadilla ay sinulat bilang **assignment** sa klaseng Pamumunang Pangpanitikan **[Literary Criticism]** sa ilalim ni Propesor Teodoro A. Agoncillo ng Far Eastern University.)

"PILI sa mga pili, ang mga sanaysay sa aklat-katipunang ito'y siya nang kakanggata ng ating Panitikan sa panahon ng kanyang pamumulaklak at pagkasulong."

Sa pambungad na mga salitang ito ng limbagang Inang Wika bilang pagpapakilala sa aklat ni Alejandro G. Abadilla ay ipinahayag nang buong linaw at akmang-akma ang tunay na kahalagahan ng bawa't sanaysay at pati ng aklat, sa kanyang kabuuan.

Sa pagkakabanggit ng salitang "kakanggata" bilang paghahambing, biglang papasok sa isipan ng mambabasa ang isa ring uri ng pagkaing bagama't naiiba — sa uri at sa lasa — ay masasabing kasingsarap na rin ng kakanggata, kung hindi man nakahihigit. Ito'y ang pinakatampok sa lutuing Intsik, ang tsapsuy.

Ang "Ako'y Isang Tinig" ni Genoveva D. Edroza ay atay — isang pirasong laman, maitim, matigas, nguni't malasa, malinamnam at nagtataglay ng mahalagang sangkap na lunas sa taong sakim, maimbutin, at mapagsamantala.

Kung paanong ang tsapsuy ay linalahukan ng mga pira-pirasong manok upang tumingkad ang lasa ay gayondin ang aklat sa pagkakasama ng "Si Rizal ang Sagisag" ni Eleuterio P. Fojas na naglalahad ng mga katangian ng ating bayaning Rizal, mga katangiang ayon sa kanya'y "sagisag ng lakas, pagkakaisa, katibayan ng loob, pagpapakasakit at kabayanihan", ng "Si Elias sa Nobela ni Rizal" ni Teodoro A. Agoncillo, masusing sanaysay na buong linaw na nagpapakilala sa katauhan ni Elias ng **Noli Me Tangere,** at ayon sa may-akda'y nagkatawang-tao kay Bonifacio matapos pangarapin ni Rizal pagka't siyang katipunan ng lahat ng katangiang hinangad nito na maging totoo. Ang dalawang sanaysay na ito ay may linamnam ng laman ng isang dumalagang manok, malambot at tagos pati sa buto ang lasa. Ang sanaysay na "Ang Panunuring Pampanitikan" ni Juan C. Laya na tumutukoy sa mga kapamaraanan ng tagasuri upang magkaroon ng isang pamumunang tapat, walang kiling at mahusay na tagapagpaliwanag ng tunay na layon at diwa ng kathang pampanitikan, at "Ang Panitikan ay Kasinlaya ng Buhay" ni Cornelio S. Reyes, sanaysay na tumatalakay sa "katapatan sa sining ng isang alagad ng panulat," ay may sarap ng manok na inahin.

Ang hiniwa-hiwang karneng kasama ng manok sa pagpapatingkad ng lasa ay nasa "Pangangarap" ni Brigido C. Batungbakal, "Alaala ng Isang Taglagas" ni Pedro S. Dandan, at ng "Pangarap ng Kabataan" ni Pablo R. Glorioso.

Ang "Naunsiyaming Pag-asa" ni Gemiliano Pineda ay tumatayong pinakahipon, nag-iisang uri sa lutuing asa mo'y nagdaramdam sa kanyang pag-iisa na tulad ng pagkakapukaw ng may-akda sa himig ng **Love and Devotion.**

Sa mga gulay-gulay na sangkap, ang repolyong Bagyo — lungtian at malutong — ay binubuhay ng "Tagalugin Mo" ni Silvina C. Laya, ng "Ang Florante sa Ating Panitikan" ni Trinidad Tarrosa Subido at ng "Ako ang Daigdig ni Abadilla" ni Clodualdo del Mundo.

Sa katauhan ng patola ay maihahanay ang "Ang Kakambal ng Ligaya" ni Maria Luna Lopez at "Pag-iisa" ni Lina Flor.

Gumaganap ng tungkulin ng petsay ang "Sa Pagsilang ng Buhay" ni Liwayway Arceo, "Durungawan" ni Manuel P. Bautista, "Makisindi nga Po, Pare" ni Teo. S. Baylen, at ang "Pag-utusan, ang Pangalan Ko'y" ni Mabini Rey. Centeno.

Sa habitsuwelas, mapipili ang "Ang Pagpupulis-Trapiko ay Isang Sining" ni Epifanio G. Matute, "Paggising ng Kalikasan" ni David T. Mamaril, at "Ang Orasan, ang Tao at ang Panahon" ni Vito C. Santos.

Sibuyas na mura naman ang "Ako'y Makabago" ni Rufino Alejandro at ang "Diwang Kayumanggi" ni Narciso G. Reyes — malambot, pino't maliliit nguni't maanghang at sumisigid sa dilo't lalamunan.

Ang "Ang Siste Nito" ni Macario Pineda at "Sa Paglilihi" ni Alfredo S Enriquez ay pinaghating buong bulaklak ng **cauliflower.** Palibhasa'y iisang buko kung kaya't pag-ugpungin mo'y husto, magkatulad. Kung paanong ang **cauliflower** ay tampok ng repolyo at mula sa puno nito ang taglay na linamnam ay gayon din ang dalawang sanaysay na nabanggit na hitik sa kasayahan — kasayahang nag-uugat sa tunay na karanasan sa buhay.

Subukang alisan ng isa man lamang sangkap ang tsapsuy at ito'y mag-iiba ng lasa, magiging kulang sa tamis at sarap. Gayundin naman ang aklat ni Alejandro G. Abadilla pagka't bawa't isa sa mga sanaysay na kasama rito ay may sariling katangiang kanyang-kanya lamang na di maaaring tumbasan ng ibang sangkap.

Sa kanyang kabuuan, ang **Mga Piling Sanaysay** ay kakanggata ng Tagalog at tsapsuy ng Intsik at nasa babasa ang pagpili ng lutuing kanilang nais.

———oOo———


***Gamitin ang inyong landas sa himpapawid . . .***



**Lumipad sa pamamagitan ng PAL**




**Ang pagsakay sa PAL ay nangangahulugan ng mabilis na paglalakbay... na may malaking panahon para sa pangangalakal o sa paglilibang. Kasiyasiyang paglilingkod na laging nakalaan para sa mga naglalakbay—pinakamainam at ganap na mapagtitiwalaan saanman sa daigdig.**

**42 na paglipad araw-araw sa buong Pilipinas.**

**Gawin ang inyong pagpapalaan sa pinakamalapit na tanggapan ng PAL.**

**PHILIPPINE AIR LINES**
ROUTE OF THE Orient Star

## Nang Magdaan Ang Daluyong

(Karugtong ng nasa pah. 9)

yan, ay kanilang maipakita na kung napaulol mang minsan ay hindi naman maaaring ululin sa tuwi na. Dapat ilayo ang mamamayan sa pook na ilalaban ng hukbong dayuhan, ihanda ang mga kabayanang kalapit ng Maynila o ang malalawak na labasan nito upang siyang matigilan muna ng mga walang kinalaman sa labanang nalalapit at ito'y sa lalong madaling panahon sapagka't ang walang-likat na kilusan ng mga nandayuhan dito ay nagpapatotoong may naaamoy na sila sa hanging nilalangap.

Ang pagwawalang-bahala ng mga pinuno, ang tila kinukusa nilang kapabayaán na lalo namang inilulubha ng sugat sa puso ng bayán, ay nagbibigay buháy tuloy sa hinalang kaya marahil ginigipit ang mamamayan, na sadyang ibig ngang mapikot at mapagitna sa magsisipaglaban, ay upang masamantala ng nagmamatapáng na hukbo ang págpapakundangan ng magsisirating sa mga daratnáng hindi kalaban, sa labang pataksil gaya ng kanyang kinamihasnan at pinagkunan ng ipinagmamalaking mga tagumpay.

Maaaring sabihin, na sa isang digmaan ang lahat ng kaparaana'y dapat na gamitin upang makalamang sa kaaway; nguni't kung ang paraan nama'y linsil ay hindi ipinagkakapuri bagkus ipinagiging aba at hamak ng lilong nagsasagawa. Naniniwala akong ang nagbalak man ng "magandang pangarap" na "Malaking Lupalop ng Sangkasaganaan sa Silangang Asya", ay masusuklam din at mandidiri, kung makita nang ang kanyang "pangarap" ay ibig buhayin sa pamamagitan ng nakapangingilabot na mga kataksilan.

Mapaligtas nawá ang Maynila, ang maningning na putong ng magandang Perlas ng Silangan, sa kapanganyayaang iginayak sa kanya ng nagpapanggap na kaibigan daw at kapatid. Ang kanyang kabaong ay nakahanda na, kulang na lamang ang hukay na pagbabaunan.

### LALO PANG NAGKAKALAYO

Patuloy ang Hukbong Hapon sa paghahanda, na animo'y napatataopo na ang kaaway. At hindi lamang ang Maynila ang kanilang iginagayak kundi pati sa malalayong lalawigan ay naghahanda na rin sila. Kung manghahawak sa mga balita ay maipalalagay na tinatangka nilang sa Pilipinas ay mag-ubos ng kaya. Sinasabing may 5,000 raw na piloto sa aeroplano ang nangaririto ngayon, bagay na maikapaghihinuhang marami ang kanyang nakahanda ritong mga sasakyan sa himpapawid, na isasagupa sa kaaway na daráting at sinasabi pa rin na ang mangangasiwa ng paglaban dito ay hindi ang Hukbong katihan, kundi ang Hukbong dagat.

Kung sa mga unang araw na ito ng Mayo ng 1944 ay darating nga sa Pilipinas ang kanilang pinaghahandaang kalaban, ay aabutang hindi tapos ang kanilang mga paggagayak at maging dito sa Maynila at sa mga lalawigan man, ay mabibigo ang kanilang nais at pag-asang mapakinabangang puspos ang mga tanggulang ipinagagawa. Hindi sapagka't walang naipapayari kundi ang kakulangan sa taong gagawa ay ikinaaantalang di ano lamang ng pagkatapos ng kanilang mga panukala. Sa bawa't pook na inihahanda, ang kinakailanga'y libu-libong bisig at ang bisig ay wala, mailap at lumalayo. Ang sumusunod na talaan ng kanilang hinihinging manggagawa ay siya nang magbabalita ng kahalagahan ng kanilang mga ibig ipagawa at ng pagmamadali namang maipatapos na lahat sa loob ng lalong madaling panahon.

Ang Hukbong katihan ay nangangailangan ng:

| | | |
|---|---|---|
| 5,000 | manggagawa | sa Maynila |
| 500 | „ | sa Batangan |
| 4,500 | „ | sa Kapampangan |
| 500 | „ | sa Sambales |
| 1,000 | „ | sa La Union |
| 1,000 | „ | sa Tarlak |
| 1,500 | „ | sa Bukidnon |
| 2,000 | „ | sa Misamis Oriental |
| 4,000 | „ | sa Dabaw |

May balitang huli, na sa Dabaw ang kinakailangan na ay 14,000 tao.

Ang Hukbong dagat naman ay nangangailangan ng:

| | | |
|---|---|---|
| 1,500 | manggagawa | sa Palanyag, Maynila |
| 1,500 | „ | sa Las Piñas |
| 1,400 | „ | sa Batangan, Batangan |
| 1,000 | „ | sa Legaspi |
| 1,500 | „ | sa Bulan, Sorsogon |
| 1,200 | „ | sa Sebu, Sebu |
| 700 | „ | sa Takloban, Leyte |
| 1,500 | „ | sa Ormoc, Leyte |
| 3,000 | „ | sa Dabaw, Dabaw |
| 800 | „ | sa Buwangan, Kotabato |
| 900 | „ | sa Samboanga, Samboanga |

Bukod sa hinihinging ito, ay mayroon pa ring kinakailangan ang Hukbong katihan sa mga sumusunod na pook:

| | |
|---|---|
| Sa Bigan, Ilokos Sur | 1,500 |
| sa Aparri, Kagayan | 1,000 |
| sa Tugegaraw, Kagayan | 700 |
| sa Lingayen, Pangasinan | 300 |
| sa Kabanatuan, N. Ecija | 1,000 |
| sa Muñoz, N. Ecija | 200 |
| sa Mabalakat, Kapampangan | 800 |
| sa Kalookan, Maynila | 6,000 |
| sa Balara, nayong kinalalagyan ng padaluyan ng tubig sa Maynila | 500 |
| sa Marikina, Rizal | 500 |
| sa Malabon, Rizal | 1,500 |
| sa Lamao, Bataan | 600 |
| sa Lipa, Batangan | 1,000 |
| sa Malvar, Batangan | 2,000 |
| sa Iloilo, lunsod | 2,000 |
| sa Kapis, Kapis | 2,000 |
| sa Sebu, lunsod | 1,000 |
| sa Buluan, Sebu | 1,000 |
| sa Victoria at Talisay, Negros Occidental | 5,000 |
| sa Binalbagan at Hinigaran, Negros Occidental | 5,000 |
| sa San Carlos, Negros Occidental | 2,000 |
| sa Takloban, Leyte | 10,000 |
| sa Kalbayog, Samar | 1,500 |

(Buklatin sa pahina 18)




## Pag-ibig . . .

(Karugtong ng nasa pah. 12)

ay alaala ko siya. Anuman ang inaakala kong magiging kasiyahan niya ay pinipilit kong maidulot. Tila baga ang anumang kaligayahang mahahandog ko sa kanya ay isa nang malaking kasiyahan ng aking budhing nagpupumilit na umagaw sa karapatan ng aking puso, ng puso kong umibig at nagnanais na manatiling umiibig...

**Napailing na muli si Ramon. Hindi ang dating pag-iling ng ulong nagpapakilala ng pagkahabag o dili kaya'y pagkaawa sa kasama. Ang iling na yaon ay may hiwatig ng pagkakaunawa sa isang ngayon lamang natanggap na katotohanan. Ang kanyang noo ay matagal na napakunot.**

**—At... —napalunok pa muna ng laway si Milo. Napatungo. Tinanaw siya ni Ramon, at ang titig nito ay tila umangat sa pandamdam ng nakatungo.**

**—Sa ganito nagwakas ang isang pangarap na ang kinahangganan ay pinipilit lamang ngayong paniwalaan ng aking puso .**

—Hindi kita maunawaan... Ano'ng nangyari?

—Dumating ang araw... ang sandaling yaong hindi ko na matiis ang malabis na paghihirap. Nagtapat ako sa kanya... at ang pagtatapat kong yaon ay tumanggap ng isang pagtatapat na katugunan.

**Matagal nang nakatapos si Milo sa pagsasalaysay. Ang kahuli-hulihang mga katagang pabuntong-hiningang pumulas sa mga labi ay nadama rin ni Ramong nagpakirot sa kanyang damdamin. Natatakot gumising sa isa pang damdamin ang kanyang kalagayan, ang kanyang budhi. Nguni't ang damdaming yaon ang sa wakas ay nakapagpakagat nang mariin sa kanyang mga labi,... pagkakagat-labing hindi napawi maging sa pagkakatapong muli ng isang malungkot na sulyap kay Milo.**

**—Aywan ko, — ang muling pagbubuka ng mga labi ni Milo na udyok nang bumabagabag na damdamin, hindi ng pagnanais na magsalita. —Oo, aywan ko nga, nguni't labis kong pinakadamdam ang iniwang sugat sa aking puso. Bukas...—at sa pagsulyap sa kaibigan ay nagtama ang kanilang mga titig, —bukas ay aalis ako. Nagpaalam na ako sa ating pinuno. Nais ko munang mamahinga nang mga dalawang buwan sa lalawigan ng aking lolo.**

Dumiin ang tapak ni Ramon sa gasolina. Ang pagkakagat sa labi ay nahigit pa sa nagsibad ng sasakyan. Ang damuhan, ang mga punong-kahoy, at maging ang maputing lansangang kanilang kinakaharap ay nagtila isang matuling bahang mabilis na mabilis sa pagsalunga sa kaniyang mga mata. Napapi**kit din nang mariin ang mga mata ni Milo, nguni't hindi sa** malakas **na hanging tila isinasaboy sa kanilang mukha, kundi sa kumikirot na damdaming tu**matagos sa mga himaymay ng kanyang puso.

—Milo... —ang tinig ni Ramon ay tila kadagli ring naiwan sa kanilang dinaanan, —hindi ko inakala, nguni't basahin mo ang sulat na ito.

**"...Milo Belmonte ang pangalan ng lalaking yaong nang una ay inakala kong nagtuturing sa aking parang isang kapatid. Nguni't sa kabila ng kanyang pagtatapat ay isa rin siyang tunay na maginoo at ipinagmamalaki ko sa iyong maituturing ko pa ring isang tapat na kaibigan.**

**Iyo,**
**Estela**

—Ramon...

Unti-unti nang bumabagal ang takbo ng kanilang sasakyan. Dahan-dahan na ring nababa ang paa ni Ramon sa gasolina. Nguni't tila hindi na nig ay hindi ito lumingon sa kaibigan.

—Ramon...

At sa malungkot na pagtitig ni Ramon kay Milo ay unti-unti ring nagwawala ang kanyang labi sa mariing pagkakagat, nang dahan-dahang liwanagin ng isang ngiti ang mukha ni Milo. **(X)**



## Panlinggong PALAISIPAN ng BAGONG BUHAY



**PAHALANG**

1. Ibiyak
6. Buti
10. Sulsi
14. Ama... (dasal)
15. Kayong panali sa sugat
16. Sinto
17. Ginapas
18. Hudyatan sa pagtatago
19. Luto sa pata
20. Hinto
21. Hinagis
23. Kainan sa paglalakbay (huling pantig)
25. Sakbat na tungkod
26. Bahagi ng baro
30. Pagkaing malutong nang pantig)
31. Nilikhang may pakpak
32. Panghawi ng dumi
34. Dulo ng daliri
38. Linamnam
39. Alak
40. Supil
41. Katagang panuro
42. Bangka ng eskimo
44. Maga
45. Samahan (iniklian)
46. Ibabawan
48. Dakong inaarok
53. Tumal (huling pantig)
54. Dinaluhong
57. Parito
61. Gusto
62. Panukoy sa marami
63. Kasangkapang panlinang
64. Paa ng baboy
65. Dakip
66. Walang buhay
67. Kagyat na pagkuha
68. Bibi
69. Itim na anyo

**PABABA**

1. Kamkam
2. Insekto sa balahibo ng hayop (kinaltas ang huling titik)
3. Singaw ng kalumaan
4. Minasdan
5. Niyugyog
6. Salok
7. Sangay ng pamahalaang ibig buhayin
8. Lasang-alat
9. Asukal
10. Bumbong
11. Taga-Arabya
12. Katagang panukso
13. Ilagay sa ningas
22. Itlog na may sisiw (huling pantig)
24. Departamento (iniklian)
26. Banal na gampanin ng pari
27. Dama
28. Pangalang babae
29. Langhap
30. Bundok na pinaghabilinan ng 10 Utos
33. Hilo (kinaltas ang huling titik)
34. Guhit ng tadhana
35. Pananabik sa tubig
36. Paghahalo o pagsasama ng anuman sa sinaing
37. Bayan sa kanlurang Korea
42. Bungang-kahoy na parang rimas
43. Kagalanggalang (iniklian)
45. Kopra (huling pantig)
47. Dinadahunan ng niyog
48. Isikad
49. Natuyong dumi ng katawan
50. Magandang pangalang babae
51. Pangingibig
52. Bahaging ibaba ng katawan
55. Tinik ng kawayan
56. Hati
58. Iyon din
59. Bayang may gusot dahil sa langis
60. Panimplang soya

**TINGNAN ANG TUGON SA SUSUNOD NA LINGGO**

**TEOTICO CLINIC**
URINARY DISTURBANCES
GENERAL SURGERY
X-RAY SERVICES
7-9 A.M. / 2-3 P.M. — No. 2 Tanduay, Quiapo
10-12 A.M. / 4-7 P.M. — Calvo Bldg., Escolta

## Sagot sa Nakaraan






## Mga nanalo sa PALAISIPAN noong Hunyo 10

1. **Bb. Sofronia P. Cueto**—CADP Nasugbu, Batangas
2. **Socorro Mendoza Cornel**—Candelaria, Quezon
3. **Bienvenido T. Belen**—512 Azcarraga, Maynila
4. **Marita Ignacio**—488-B Jose Rizal, Sto. Niño, Marikina
5. **Myrna Florendo**—216 Pepin, Sampalok, Maynila

Magsisitanggap sila ng tigalawang buwang walang bayad na suskripsiyon ng Panlinggo ng BAGONG BUHAY.

Ipadala ang lahat ng sagot, sa: **PALAISIPAN, Magasin ng BAGONG BUHAY, 920 Lepanto, Sampalok, Maynila.**

(Ang mga ipadadalang sagot na wala sa pangalan ng **PALAISIPAN** ay hindi pahahalagahan. * Ang mga nanalo na sa **PALAISIPAN** na wala pang tatlong buwan ang nakalilipas magbuhat nang malathala ang mga pangalan ay hindi maaaring papanaluning muli.)

## Matiim. . .

(Karugtong ng nasa pah. 12)

sa pangyayaring ako'y nawalan ng paniniwala, kundi sanhi pa sa pagiging kasapi ko sa Masoneria. Ang huling pangyayaring ito ay sapat na upang ang isang Katoliko ay mapahiwalay sa lilim ng kaniyang pananampalataya, hindi lamang sa ito'y siyang ipinahahayag ng Simbahang Katoliko, kundi sa lubos na pagkakasalungatan ng mga tuntuning Masoniko at ng mga aral ng Katolisismo.

Sa loob nang nabanggit na dalawampu't limang taon, ako'y walang inaangking anupamang pananampalataya.

Sa boong pagdaramdam (bakit hindi ko sasabihin nang tiyak), taglay ang malabis na kahihiyan, ipinagtatapat ko na sa loob ng mahabang panahong ito, halos nalimutan ko ang aking Diyos, kung hindi man lubusang ako'y nawalan ng paniniwala sa Kaniya, bagama't Siya, sa Kaniyang labis na kabutihan at awa, ay patuloy na nagdudulot sa akin ng mga biyaya.

. . . Bilang isang Mason, naniniwala ako sa tuntunin na ang lahat ng pananampalataya ay magkakatulad, at dahil diyan, ang isang tao ay makapagaangkin ng anumang pananampalataya susog sa kalooban niya. Bagama't ang aking pagka-Mason ay lubusang nagpahiwalay sa akin sa pananampalatayang Katoliko, gayon ma'y pinili kong magtamo ng mga aral ng Katolisismo, bilang pagtatangi ko sa pananampalatayang ito kaysa ibang pananampalataya, sapagka't ito ang siyang pinananaligan ng aking kabiyak ng dibdib at ng aking mga anak kung maipahihintulot na ito'y taglayin kong muli. . .

Sa ngayo'y nahahanda na ako upang muling-pumasok sa dating Simbahan at maalab ang aking pagnanais na ako'y muling matanggap sa sinapupunan nito. Nais kong ako'y muling maging Katoliko, upang mabuhay at mamalagi ako sa aking paniniwala. Ito ang aking panalangin sa Diyos at boong kapakumbabaang inaasahan ko, na Siya, sa Kaniyang walang hanggang pagkahabag, ay ipagkakaloob sa akin ito.

Tinatalikuran ko ang Masoneria at tatalikuran ko ito magpakailan pa man, hindi lamang sapagka't ito ang pangunahing kinakailangan sa isang Katoliko, kundi sapagka't ang paniniwalang pang-pananampalataya na sa ngayo'y aking niyayakap, ay tahasang sumasalungat sa iba't ibang simulaing Masoniko. . .

Dahil sa mga pahayag na ito, isinasamo ko sa Arsobispo ng Maynila na alisin sa akin ang pang-pananampalatayang pagsusuri dahil sa aking mga ginawi upang ako'y magtamo ng kaligayahan sa mga biyayang pang-kaluluwa ng pananampalatayang Katoliko.

Napansin ko rin na ako'y nakagawa ng labag sa tuntuning pang-pananampalataya dahil sa pagkaka-anib ko sa "Legionarios del Trabajo" bilang pandangal na pangulo nito. Tinatalikuran ko na rin ang samahang ito at gayon din isinasamo ko sa Kaniyang kalakhan na alisin sa akin ang nabanggit na pagsusuri o pagsumpa, at inuulit ko sa bagay na ito ang lahat ng aking nasabi na sa unahan. Nakakatang ang aking kamay sa Banal na Aklat, ako'y sumusumpa sa ngalan ng katotohanan at katapatan ng lahat ng dito'y nasasaysay.

Maynila, ika-18 ng Agosto ng 1943.

MANUEL L. QUEZON

Ang mga bagay na iyan ang matiim na pagkakawangki ng dalawang bayani ng ating bansa, dalawang luminggning sa kangit ng Filipinas: ang kalapong patnubay ng lahi sa kasaysayan ng pananakop ng bansang Kastila, at ang Diwang Patnugot ng lahi na siyang naghatid sa atin sa ganap na Kalayaan sa pagtatangkilik ng Bansang Amerikano — Si Rizal, ang Martir, at si Quezon, ang Lider.


Pinalalamig ang Paglalakbay




MAY PAHINTULOT MAGSABOTELYA

San Miguel Brewery



**WALANG KAHAMBING SA ESPANYA**

Ang hiyas na nasa larawan ay ang "Dakilang Kuwintas" ng Orden ni Isabela, ang Katoliko, na inihandog sa Pangulong Quirino ni Heneral Eduardo Gallarza sa ngalan ng pamahalaan ng Espanya. Ang kuwintas na iyan ay maituturing na isa nang kayamanan ng sinomang magmamay-ari.

## "Prinsipe Amante Sa Rubitanya"

(Karugtong ng nasa pahina 4)

upang pahirapan at gawing pangit ang mukha. Upang mailigtas lamang si Elena, nagkunwari si Prinsipe Amante na may pagibig din kay Prinsesa Darrah... Subali't bago naganap ang kanilang pag-iisang-dibdib, ang Prinsipe ay pinigil bilang isang bilanggo sa loob ng palasyo.

Samantala, nabatid ni Duke Jorda kung ano ang laman ng kahitang pelus. Nalaman rin niya na ang pag-angkin ni Darrah sa kapangyarihan sa trono ay kahinahinala at maaaring pawalan ng bisa ng mga katibayang nasa loob ng kahita.

Nang lumaon, nabunyag na ang kapatid na hinahanap ni Prinsipe Amante ay dili iba kundi si Haring Clovis, ang Haring walang kapangyarihan pagka't pinagagalaw lamang ng kapangyarihan ni Prinsesa Darrah.

Nagkaroon ng isang pagsasagupaan sina Haring Clovis at Duke Jorda, at nasugatan nang malubha ang Hari. Natagpuan siya ni Prinsipe Amante, at nalagutan ng hininga sa bisig ng kapatid, matapos magpakilala.

Upang hindi maibunyag ang linim, ibinilanggo ni Prinsesa Darrah si Duke Jorda. Sa kabilang dako'y nakatakas si Prinsipe Amante at ibinunyag sa bayan ang mga nangyari at ang katotohanan. Sapagka't minamahal ng mga tao ang yumaong hari at napopoot kay Darrah, sila'y nagsipaghimagsik. Nakatakas din si Jorda at tinipon ang kanyang mga tauhan upang makipaglaban kay Darrah.

Sa pagsasagupaan ay napikot si Prinsesa Darrah, at ginawa niyang kalasag si Prinsesa Elena upang di siya mabihag. Dinala niya ang Prinsesa kay Duke Jorda at linamuyot ang kalooban ng huli upang pumanig na sa kanya. At nagtagumpay naman ang kanyang hangad.

Nguni't nang mga sandaling iyon ay dumating si Prinsipe Amante, kasama ang kanyang mga tauhan at ang mga kapanalig ng nasawing Hari. Nangunguna sa pangkat si Abad. Nang makita ang sumusugod na mga kaaway, tinutukan ni Darrah ng balaraw si Elena at binalaang papatayin niya ito kung patuloy na lalapit sina Prinsipe Amante. Subali't naitulak siya ni Lini at nahagisan ng espada si Elena. Sumunod ang nakahihindik na labanan. Nakipag-esgrima si Elena kay Darrah, si Prinsipe Amante kay Duke Jorda, at si Abad kay Melak, ang tinyente ni Duke Jorda.

Nagapi ang mga manghihimagsik. Muling nagkalapit sina Prinsesa Elena at Prinsipe Amante, at ang Rubitanya ay nabalik na isang bahagi ng Sevilla.

At ang mga pangunahing tauhan ng kasaysayan ay pamuling nagtamasa ng luwalhati at kaligayahan!

## Nang Magdaan Ang Daluyong

(Karugtong ng nasa pahina 14)

Sa talaang hawak ko, na pinagkunan ng ganitong mga ulat, ay ipinaliliwanag na hindi madalian ang pangangailangan ng mga manggagawa sa Malabon, Rizal; sa Lamao, Bataan; sa lunsod ng Sebu at sa Buluan, Sebu.

Maliwanag na makikitang magkasabay nga nguni't bukod ang pagpapapagawa ng Hukbong dagat at ng Hukbong katihan. Dapat itala rito sapagka't bagay na naghihiwatig ng tunay na pagmamadaling makatapos, na sa isang kasulatang nabasa ko at may tagubiling "pansarili lamang" ay maliwanag na nasasabing hanggang ika-31 ng Mayo ng taong lumalakad ay dapat na maipadala ang mga manggagawang itong kinakailangan sa mga pook na kanilang gagawan. Sa mga talang ito ay lumalabas na ang Hukbong katihan, hanggang ika-31 ng Mayo, ay nangangailangan ng 67,600 katao at ang Hukbong dagat naman ay nangangailangan din ng 15,000 katao; na anupa't ang kabuuan ng dami ng bisig na kailangan ng Hapon upang makapananggol na mabuti ang kanyang mga kawal dito sa Pilipinas, ay 82,600.

Sa bisa ng kasunduang pinapagtibay ng itinayong Republika sa Pilipinas ng Hapon at ng Hapon na rin, noong maipagkaloob na ang kasarinlan (ang "dangal ng kasarinlan", gaya nang buong pagmamarangyang sinasabi ng mga pinuno ng Hukbo sa tuwing mababanggit ang kanila raw kagandahang-loob na ipinakita sa mga pilipino) ,ang 82,600 manggagawang ito ay sa pamahalaan hiningi at, sabihin pa, ang pamahalaan nama'y agad na tumango. Tumango, sapagka't umasang may bayang umaalalay sa kanya, na magpapahalaga sa kasunduang nilagdaan at pinapagtibay ng mga nagsasabing sila ang mga patnubay ng Sambayanan o tumango sapagka't walang ibang magagawa, yamang ang katotohana'y napapalit ang kapangyarihan ng mga pilipino na makapagpapasiya sa kanilang sarili, sa laruang kasarinlang sa kanila'y ipinagkaloob.

Nguni't sa una pa lamang pagsubok na ito, ang napala na ng pamahalaan ay ang kahiya-hiyang pagkasungabang. Lumitaw ang nakatagong damdamin, napalantad ang nakukubling pananalig, naipaibabaw at nagningning ang panatang nakatanim sa puso ng bayan: ayaw siyang tumulong sa bagong napapanginoon.

Ipaliliwanag ko ang katwiran ng ganito kong sinasabi. Ang pangangasiwa sa pangangalap ng ganyang karaming tao, ay ipinagkatiwala ng Pangulo ng Republika sa Kabahalang Kalinisan, Paggawa at Kagalingang-Bayan na si G. Emiliano T. Tirona, nguni't isinangkot, aywan kung sa anong dahilan at matwid (na hindi ko masipat anumang pagsusumakit ang gawin, sapagka't alangang totoo sa kanyang uring taglay) ang muling itinayong Lupong Tagapayo sa Paggawa na kinabibilangan ko ngayon at kinabibilangan naman, noon pang itayo ang tinurang Lupon ni G. Vargas, upang magmungkahi ng mga paraang sukat ikapaanyo ng kapakanan ng mga anak-pawis. Isinangkot nga, sa naturang pangangalap, ang Lupon, upang magbigay ng payo at ang nangyari'y isang tauhan ng Lupon, si G. Pablo Manlapit, ang napalagay na tagapamahala ng isang pansamantalang sangay ng pamahalaan na agad itinayo, sa ilalim ng kapangyarihan ni G. Tirona, at bagong sangay na binigyan ng malaking panggugol, na humihigit sa isang angaw na piso.

Ang pakakasakay ng Lupong kinabibilangan ko sa bangkang ibig palayagin, ang pagkakapaglagay ng sangay na aking binanggit at ang agad na sinimulang pangangalap ng tao, ay sa pahayagan ko lamang nabasa, kaya't aking naalaman. Aywan kung dapat kong ituring na isang tunay na kapalaran, na dahil sa isang pagkakasakit na malubhang dumapo sa akin noong ika-5 ng Marso ng taong ito, na ipinanghina ko nang di ano lamang at hanggang sa kalahatian halos ng Abril ay di nagpahintulot sa aking makapanaog ng bahay, ako'y hindi nakatupad agad sa tungkuling muling iniatang sa akin at ang mga unang hakbang na ginawa sa bagay na ito, isinangguni man sa Lupong Tagapayo, ay hindi ko nasaksihan at lalo nang hindi ko napakialaman. Kaya't sa una kong pagdalo sa mga pulong ng Lupon, ang inabot ko na lamang ay balangkas na yaring pinagpipilitang mapaganda o sa maliwanag sa sabi'y mga salitaan na lamang at pagpapahayag ng mga kuro tungkol sa kung paano makatutugon ng buong bisa at kasiyahan ang itinayong sangay sa pangangalap, sa araw-araw halos ay nadaragdagang dami ng manggagawa, na hinihingi ng Hukbong Hapon. Ito ay naglagay ng isa niyang kinatawan na siyang nakikipagtalastasan kay G. Manlapit at kay G. Tirona at bawa't pagdalaw niya upang magtanong kung mayroon nang nakukuhang mga manggagawa, ay lalo namang ikinapapabilad ng katotohanang napakailap ang.... ibon.

(ITUTULOY)

# Ako'y 3 taon lamang



## Nguni't anong rekord!

Ang samahang ito sa Pilipinas, inihahandog upang makatulong sa pagpapaunlad ng kabuhayan ng bansa, ay tatatlong taon pa lamang na nakapaglilingkod sa madla. Gayunman, ito'y nakalikha ng isang rekord na kaipala'y hindi mapapantayan sa kasaysayan ng mga pagpapaseguro sa buhay.. Isang rekord na maipagkakapuri ng mga Pilipino.

Ang mga ulat sa aming buong tatlong taon na nagwawakas noong Disyembre 31, 1950 ay ang mga sumusunod:

- 71,843 polisang may bisa sa seguro na may kabuuang ₱211,980,058.00
- Salaping nalikom sa [illegible] ₱10,95[illegible],012.67, isang karagdagan na ₱5,2[illegible] [illegible] 1949
- Mga lagak sa utang na may sangla, bono, sapi at mga lupa sa pagpapabahay at mga gawain ukol sa kalakal na may kabuuang ₱5,967,426.22, isang karagdagan na ₱3,072,079.21 sa loob ng taon.

Tinanggap na mga ariarian na may kabuuang ₱10,280,605.19, isang karagdagan na ₱5,049,331.82 sa loob ng taon.

Ang aming talaan na mga karagdagan sa mga may bisang seguro sa buhay na makikita sa ibaba ay isang rekord din ng lumalaking pangangalaga at kaligtasan, at pakikipagtulungan ng mga tao sa Pilipinas:

| Taon | Bilang ng Polisa | Segurong may Bisa |
|---|---|---|
| 1948 | 25,114 | ₱86,317,760 |
| 1949 | 45,251 | 142,674,760 |
| 1950 | 71,843 | 211,980,058 |

ADCRAFT

May isang sanay at magiliw na ahente ng Philippine American Life sa inyong pook, na nagnanais na tumulong sa pagtatayo ng katiwasayan ninyo at ng inyong kaanak.

WE SERVE THE PHILIPPINES

THE **Philippine American Life** INSURANCE COMPANY

*Tanggapan:* Gusaling Wilson, Maynila

EARL CARROL
*Pangulo*

*Mga Sangay:* Lingayen ✲ San Fernando ✲ Batangas ✲ Legaspi ✲ Cebu ✲ Iloilo ✲ Bacolod ✲ Dumaguete ✲ Zamboanga ✲ Davao

# Natapos din ang aking paghahanap sa...




Makinig sa "Remote Control Broadcast" sa Novena sa Our Mother of Perpetual Help sa Simbahan ng Baclaran tuwing Miyerkoles, mula sa ika-6:00 hanggang ika-6:30 n. g. at mula sa ika-7:00 hanggang ika-7:30 n. g. sa DZPI.